

ANO ANG HATE CRIME

Ang hate crime ay isang kriminal na kilos na ginawa laban sa isang tao udyok ng hindi matwid na opinyon laban sa tiyak na mga katangian ng taong iyon

BIKTIMA NG ISANG HATE CRIME

Ikaw ay maaaring isang biktima ng isang hate crime kung ikaw ay namataan dahil sa iyong:

- Lahi o etnisidad
- Nasyonalidad, relihiyon
- Kasarian, sekswal na oryentasyon
- Pisikal o mental na kapansanan
- Ang iyong pakiki-ugnay sa isang tao o grupo na may isa o mahigit pa sa “aktwal” o “pinaghihinalaan” na mga katangian na ito

SAKSI SA ISANG HATE CRIME

lulat ang krimen sa iyong lokal na pulisya o departamento ng sheriff. Kung ang mga hate crimes ay hindi naiulat, ang hate crime ay maaaring magpatuloy.

**SABIHIN
ANG NAKITA**



UPANG IULAT ANG ISANG HATE CRIME NA
NANGYAYARI O ISANG EMERHENSIYA,
TUMAWAG SA **9-1-1**

PARA SA MGA HINDI EMERHENSİYANG
MGA TAWAG **858-565-5200**

KARAGDAGANG MGA MAPAGKUKUNAN

LECC SAR/lulat ang Banta ng Terorismo
o Kahina-hinalang Aktibidad
(858) 495-7200
info@sd-lecc.org

California Attorney General na mga
Biktima Yunit ng mga Serbisyo
(877) 433-9069 TTY: (800) 735-2929
www.oag.ca.gov/victimservices

Kagawaran ng Makatarungang
Pagtatrabaho at Pabahay sa California
(800) 884-1684
TTY: (800) 700-2320
www.dfeh.ca.gov

San Diego Anti-Defamation League (ADL)
www.sandiego@adl.org

San Diego County District Attorney's Office
Hate Crime Unit
www.hatecrimes@sdcdca.org

Southern Poverty Law Center
www.splcenter.org

Teaching Tolerance
www.tolerance.org

San Diego Regional Hate Crime Coalition
<https://sdnohate.org>

SUNDAN KAMI

@SDSHERIFF



www.sdsheriff.gov



PAGKILALA AT PAG-UULAT

HATE CRIME AT MGA PANGYAYARI



DEPARTAMENTO NG SHERIFF
NG COUNTY NG SAN DIEGO

ANO ANG HATE INCIDENT?

Ang mga hate incident ay mga kilos idinidirekta laban sa (mga) tao ayon sa aktwal o kahina-hinalang lahi, nasyonalidad, relihiyon, sekswal na oryentasyon, kapansanan ng biktima o kasarian. Ang mga hate incident ay kinabibilangan din ng mga hate crime, na lumalabag sa mga batas kriminal at humantong sa isang imbestigasyon ng pulisya. Ang lahat ng mga hate incident ay dapat iulat.

MGA HALIMBAWA NG HATE INCIDENTS:

- Racist na stickers, mga guhit o mga nakasulat sa mga bagay.
- Ang mga banta na ginawa sa anumang pamamaraan upang saktan ang isang tao dahil sa kanilang lahi, kasarian, sekswal na oryentasyon, relihiyon, at iba pa.
- Ang paggawa ng mga mapanirang komento tungkol sa ibang (mga) tao dahil sa kanilang protektadong mga katangian.
- Ang cyberbullying at patama sa isang bading na binatilyo.
- Paghagis ng mga bato o pagdura sa isang estudyante ng unibersidad habang sinasabihan sila na “umuwi.”
- Pamamahagi ng materyal na may poot sa pampublikong mga lugar o pagpapakita nito sa isang pribadong pag-aari.

KUNG IKAW AY NAGING ISANG BIKTIMA, IKAW AY DAPAT:

- Sa oras ng panganib, tumawag sa 9-1-1. Kung hindi man, tumawag sa iyong lokal na ahensya ng nagpapatupad ng batas o sa Departamento ng Sentro ng Komunikasyon ng Sheriff ng San Diego sa (858) 656-5200 upang gumawa ng isang ulat.
- Kumuha ng medikal na atensyon, kung kailangan. Siguraduhing maitago ang lahat ng medikal na dokumentasyon.
- Isulat ang anumang poot na wika na nasabi, lalo na ang anumang mga salita na nagpapahiwatig ng pagkiling na pagganyak at ibang impormasyon na maaaring maging mahalaga.
- Gumawa ng mga tala tungkol sa anumang iba pang mga katotohanan para hindi mo ito makalimutan.
- Iwanan ang lahat ng ebidensya. Huwag itong hawakan, alisin o linisan.
- Kumuha ng larawan ng ebidensya.
- Idokumento kung ano ang nangyari at kumuha ng isang paglalarawan ng (mga) suspek at/o ng kanilang sasakyan.
- Kunin ang mga pangalan, mga tirahan, at mga numero ng telepono ng ibang mga biktima o mga saksi.



ANO ANG AKING MGA KARAPATAN?

ANG RALPH ACT - CIVIL REMEDIES

Pinoprotektahan ng Ralph Act ang mga indibidwal mula sa karahasan o pananakot sa pamamagitan ng banta ng dahas dahil sa protektadong mga katangian ng isang biktima, tulad ng aktwal o hinihinalang lahi, pambansang lahi, katayuan ng pandarayuham, relihiyon, kasarian o sekswal na oryentasyon. Pinoprotektahan ka din ng kilos na ito kung ikaw ay nauugnay sa isang indibidwal o grupo ng isa sa mga katangiang ito. Ang paglabag sa Remedies for Ralph Act ay kinabibilangan ng utos ng pagpigil o restraining orders, pera upang mabayaran ang biktima at pagparusa sa may sala, at mga singil ng abugado.

MGA KARAPATAN NG BIKTIMA NG HATE CRIME

Ang mga biktima ng hate crime ay karapat-dapat para sa kompensasyon upang makatulong na bayaran ang mga nagastos na may kaugnayan sa isang krimen, tulad ng medikal na pagpapagamot, mga serbisyo sa mental na kalusugan, seguridad sa tahanan, o pagkawala ng kita. California Victim Compensation Board website: vcgcb.ca.gov/victims/

PAANO KUNG AKO AY ISANG IMMIGRANT O DAYO?

Ang proteksyon mula mga pag-atake dahil sa poot ay para sa lahat, anuman ang katayuan sa imigrasyon. Ang mga ahensya ng gobyerno tulad ng Departamento ng Sheriff ng County ng San Diego ay hindi nangongolekta ng iyong katayuan sa imigrasyon kung ikaw ay gumawa ng ulat ng isang hate crime. Ang isang hindi dokumentadong dayuhan ay maaaring karapat-dapat para sa isang U-visa kung sila ay biktima ng ilang mga krimen at handang tumulong sa pag-imbestiga o pag-uusig.